# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST501 End of the Jewish Age

Ang salitang *eschatology* ay galing sa Greek word na *eschatos* na ang ibig sabihin ay *huli.* Samakatuwid, ang pag-aaral ng eschatology ay pag-aaral ng mga huling kaganapan o mga huling pangyayari o mga huling bagay. Ang *Christian Eschatology* ay ang pag-aaral ng huling period of time preceding the second coming of Christ.

- **To Jerusalem**

Mula nang sila ay dumating sa Caesarea, Philippi, sinimulang ibahagi ni Jesus sa Kanyang mga alagad na kinakailangan Niyang magpunta sa Jerusalem, kung saan maraming paghihirap ang Kanyang tatamuhin mula sa kamay ng mga elders, chief priests at teachers of the law. Kailangan din na Siya ay mamatay at sa ikatlong araw ay bumangon mula sa mga patay (Matthew 16:21).

Nang magtipon na sila sa Galilee, sinabi ni Jesus na ang Anak ng Diyos ay pagtataksilan. Siya ay papatayin at sa ikatlong araw ay muling mabubuhay. Napuno ng kalungkutan ang Kanyang mga disciples (Matthew 17:23).

Nang paakyat na sila sa Jerusalem, isinangtabi muna ni Jesus ang Kanyang mga disciples upang sabihin sa kanila na Siya ay ipagkakanulo sa kamay ng mga chief priests and the teachers of the law. Igagawad sa Kanya ang parusang kamatayan at ibibigay Siya sa mga Gentiles upang laitin, latiguhin at ipako sa krus. Sa ikatlong araw Siya ay muling mabubuhay (Matthew 20:19).

Naramdaman Niya ang bagabag na bumalot sa puso ng Kanyang mga alagad. Nilapitan Niya ang mga ito upang pasiglahin. Ibinahagi Niya ang Kanyang balak na ipaghanda sila ng matutuluyan sa tahanan ng Kanyang Ama. Nangako Siya na muling babalik upang sila ay sunduin (John 14:1-3).

Nangaral si Jesus sa buong Jerusalem hanggang sa Temple Courts.

Isang araw nang paakyat sila sa Mount of Olives, pinapansin sa Kanya ng mga disciples ang mga gusali sa temple grounds na kanilang hinahangaan. Sa pagkakataong iyon, binitawan ni Jesus ang propesiya na sukdulang mawawasak ang mga gusaling iyon (Matthew 24:1-2).

- **Ang Templo**

Ang temple ay ginawa ni King Solomon around 957 BC. Nasira ito noong panahon ng Babylonian captivity taong 586 BC. Authorized by Cyrus, king of Persia, ni-rebuild ito under the leadership of Zerubabel at Ezra around 538 BC. Natapos ang rebuilding ng temple ng panahon ni Darius, king of Persia taong 515 BC. Sa ilalim ng pananakop ng Rome ang templo ay ni-renovate at in-expand ni Herod the Great simula ng taong 20 BC. Inabot ng 46 years ang building project bago natapos (John 2:20).

Para sa mga Hudyo, ang templo ay ang tahanan ng Diyos kaya nagalit si Cristo nang makita Niya na ito ay naging commercial area na (John 2:16). Sa temple courts ginaganap ang mga animal sacrifices at worship. Ang templo ang pinaka-centro ng religious life ng mga Hudyo. Ganito ito kahalaga sa buhay nila kaya naman nakurot ang interes ng mga disciples nang sabihin ni Cristo na ito ay mawawasak.

Sariwa pa sa isipan ng mga disciples ang pangakong binitiwan ni Cristo na Siya ay uuwi muna sa Kanyang Ama at muling babalik. Hindi maiiwasan ang mag-speculate pagdating sa bagay na ito. Kaya upang maiwasan ang hulaan, minabuti na nilang magtanong.

Sa panahong iyon, bagamat may kahalong pag-aalinlangan, naniniwala ang mga disciples na si Cristo ang Messiah, ang anak ni David na uupo sa trono at maghahari sa mundo. Ang hindi nila alam ay kung kailan magaganap ang pag-establish ng kaharian ng Diyos. Sa kanilang isipan, maaaring sa pagbabalik ng kanilang Panginoon ito mangyayari. Ito kaya ang kanilang usap-usapan bago sila naglakas loob na magtanong sa Lord?

Nang sumapit na sila sa Mount of Olives, lumapit sina Peter, James, John at Andrew kay Jesus upang magtanong: *Kailan ito mangyayari, at ano ang signs nang iyong pagbabalik, at ang wakas ng panahon?* (Matthew 24:3; Mark 13:3).

- **Ang Sagot**

Ang 2-part answer ng Lord ay binubuo ng: a) The beginning and end signs of the Jewish age at ang pagwasak ng templo, at b) ang end signs ng Church age at ang pagbabalik ni Cristo.

Ang sabi ng Lord sa Matthew 24:4-14 ay: "Mag-ingat kayo na huwag malinlang."

1) *Sapagakat marami ang darating sa ngalan Ko, at sasabihing sila ang Cristo, at marami ang malilinlang.*
2) *Makakarinig kayo ng mga digmaan at mga rebolusyon, subalit huwag kayong mabahala. Kailangang mangyari ang mga ito,*
3) *Maglalabanan ang bansa laban sa bansa, at kaharian laban sa kaharian.*
4) *Magkakaroon ng lindol, taggutom at salot sa maraming lugar. Lahat ng ito ay tulad sa simula ng hirap sa panganganak.*
5) *Kayo ay pahihirapan at papatayin, kapopootan kayo ng lahat ng bansa dahil sa Akin.*
6) *Sa panahong iyon marami ang tatalikod sa pananampalataya at makararanas ng pagtataksil at pagkamuhi.*
7) *Maraming mga huwad na propeta ang magsusulputan at manlilinlang ng maraming tao.*
8) *Dahil sa pagdami ng kabuktutan, ang pagmamahal ng karamihan ay manlalamig, subalit ang magiging matatag hanggang wakas ay maliligtas.*
9) *Ang gospel of the kingdom na ito ay ibubunyag sa buong mundo bilang patotoo sa lahat ng bansa, and then the end will come.*

- **Ang pagbubunyag ng gospel of the kingdom sa buong mundo**

Ang ibig sabihin ng salitang *gospel* ay mabuting balita. Ang pambungad na mensahe ni Cristo nang simulan Niya ang Kanyang earthly ministry ay, *Repent for the kingdom of God (or the kingdom of heaven) is at hand. Pagsisihan na ninyo ang inyong mga kasalanan sapagkat ang kaharian ng Diyos ay malapit na.*

Para sa mga Hudyo ng panahong iyon, ang tinutukoy ng Lord ay ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos sapagkat ang anak ni David na binanggit sa Davidic covenant ay dumating na.

Paulit-ulit sa Gospel of Luke ang sinabi ni Cristo na kailangan Niyang i-preach ang mabuting balita ng kaharian ng Diyos sapagkat ito ang dahilan nang Kanyang pagparito sa mundo. Pati ang Kanyang mga alagad ay inutusan Niyang maghatid ng mabuting balitang ito ng kaharian ng Diyos (Luke 8:1; 9:1; 10:9). Maging si John the Baptist ay ganito rin ang mensahe; *Repent, for the kingdom of heaven is near* (Matthew 3:2).

Ng panahon ng mga apostol, hanggang ngayon, ang mensahe ng kaharian ng Diyos ay kasabay ng hamon na maniwala sa pangalan ng Panginoong Jesus (Acts 8:12). At habang lumalaon ang panahon, ang mensahe ng kaligtasan ay naka-akbay na sa pangalan ni Jesus, hindi bilang anak ni David na magtatag ng kaharian ng Diyos kundi bilang Anak ng Diyos. Sinasabi sa Romans 10:17 na ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig ng mensahe, at ang mensahe ay nadirinig sa pamamagitan ng salita ni Cristo.

- **Ang nawasak ng Templo at end of the Jewish Age**

Sa Matthew 24:34, sinabi ng Lord na *This generation will not pass away until all these things take place*. Ibig sabihin, may mga kasamahan sila at that time na makakasaksi ng pagkawasak ng templo at end of the age. Ito ang tinanim sa isip ng mga disciples na hudyat ng kaganapan ng pagkawasak ng templo at end of the age. Subalit, ang sinasabi rito ng Lord ay ang end of the Jewish age -- ang end of the world as they know it, hindi ang simula ng paghahari ng Messiah physically sa mundo.

Ang Pentecost ay isang pilgrim festival ng mga Hudyo na ipinagdiriwang 50 days after Passover upang alalahanin ang pagbibigay ng batas ng Diyos sa Mt. Sinai. Nakatala ang unang outpouring ng Holy Spirit sa Acts 2:1-12:

> *Nang dumating ang Pentecost, nasa isang lugar ang mga apostol. At bigla silang nakarinig ng parang maugong na hangin galing sa langit na nananatili sa buong bahay na kanilang tinitigilan. At nakita nila ang parang dila ng apoy na naghiwalay at nanatili sa kanila. Sila ay napuspos ng Holy Spirit at nagsimulang magsalita ng ibang wika ayon sa kalooban ng Espiritu.*
>
> *Noon, maraming may takot sa Diyos na mga Hudyo galing* ***mula sa bawat nasyon sa ilalim ng langit****. Nang marinig nila ang ugong nagsama-sama sila at nagtaka sapagkat naririnig nila ang bawat isa sa sarili nilang wika. Manghang-mangha, ang tanong nila sa isa't isa ay, "Hindi ba taga-Galilea ang mga lalaking ito? Bakit sila ay naririnig ng bawat isa sa atin sa sarili nating wika?*
>
> *Parthians, Medes and Elamites, residente ng Mesopotamia, Judea at Cappadocia, Pontus at Asia, Phrygia at Pamphylia, Egypt at mga lugar sa Libya, malapit sa Cyrene; mga bisita galing Roma; Cretans at Arabians – naririnig natin silang nangangaral ng kaluwalhatian ng Diyos sa ating sariling wika!  Ang tanong nila sa isa't isa ay, Ano ang ibig sabihin nito?*

Ng araw na iyon ng Pentecost, nakatala sa Acts 2:5, 2:41 at 4:4, a) na maraming mga Hudyong may takot sa Diyos ang nasa Jerusalem na nagmula sa bawat nasyon sa ilalim ng langit, b) na 3,000 ang nadagdag sa bilang ng Church ng araw na iyon, at c) na 5,000 men na nakinig sa preaching ni Peter ang naniwala. Ito ay simula pa lamang ng paghihirang ng Banal na Espiritu among God-fearing Jews na maghahatid ng Gospel sa kani-kanilang native land.

Nang taong AD 66, nag-revolt ang mga Hudyo against Rome. Matapos paligiran ng hukbong Romano ang Jerusalem, ang mga pangyayari sa sumunod na dalawang taon ay nagtapos sa pagkawasak ng siyudad, pati na ang templo. Ang rebelyong ito ang nagdala sa Jerusalem kay Titus na naging commander ng hukbong Romano. Nang panahong iyon nagsimula ang ideya ng pagsamba sa emperor ng Roma bilang diyos. Walang duda na sa nawasak na templo binunyag ni Titus na siya ay Diyos. Siya ay naging emperor ng taong AD 79. Hindi naglaon at naging batas sa buong Roman Empire ang pagsamba sa emperor ng Rome bilang diyos.

Samakatuwid, natupad na ang propesiya na ang gospel of the kingdom will be preached in the whole world noong Pentecost after the resurrection of Christ. At ang sagot sa taong kung kailan mawawasak ang templo at ang wakas ng Jewish Age ay AD 70 sa kamay ni Titus.

## I. *Multiple Choice*

1. Ang eschatology ay pag-aaral patungkol sa mga huling araw.
   a. True
   b. False

2. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na Siya ay pagtataksilan ni Judas.
   a. True
   b. False

3. Ang templong itinayo ni Solomon na nasira noong panahon ng Babylonian captivity ay muling naitayo sa leadership nila
   a. Joshua at Caleb
   b. Ezra at Zerubabel
   c. Nehemiah at Ezra

4. Ang templo ay mahalaga sa mga Hudyo sapagkat
   a. Ito ay tahanan ng Diyos at ang pinaka-centro ng kanilang religious life
   b. Dito ginaganap ang animal sacrifices at worship
   c. Dito nagkikita-kita ang mga Hudyo

5. Ano ang dahilan ng pagparito ni Jesu Cristo?
   a. Upang ipamalita na mayroong magtra-traydor sa Kanya
   b. Upang i-preach ang mabuting balita ng kaharian ng Diyos
   c. Upang ipamalita ng gagawin Niyang sacrifice sa krus ng Kalbaryo

6. Ang mensahe ng kaharian ng Diyos ay may kasamang hamon na maniwala sa pangalan ng Panginoong Jesus.
   a. True
   b. False

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION, INC. 2015

7. Sa ating panahon ngayon, ang mensahe ng kaligtasan ay naka-akbay sa pangalan ni Jesus bilang
   a. Anak ni David
   b. Anak ng Diyos
   c. Anak ni Maria

8. Ang mabuting balita ay kumalat sa Araw ng Passover nang ang mga disciples ay magsalita sa iba't-ibang wika at ito'y narinig ng mga Hudyo na galing sa iba't-ibang nasyon.
   a. True
   b. False

9. Ang commander ng hukbong Romano nang mag-revolt ang mga Hudyo laban sa Rome ay si
   a. Herod
   b. Titus
   c. Alexander the Great

10. Ano ang sagot ni Cristo sa tanong ng mga disciples kung kailan mawawasak ang templo at wakas ng Jewish age?
   a. End of the world
   b. AD 70 sa kamay ni Titus
   c. End of the millennium

© Revised July 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.